San Francisco Department of Public Health

Gabay

Mga Tip para sa Mga Bisita sa Mga Residensyal na Pasilidad

Panatilihin ang kaligtasan ng iyong mga mahal sa buhay, ng iba pang residente, at ng sarili mo

Kung may sakit ka, manatili sa bahay

- Kung may naka-ugnayan kang ibang tao na maaaring may sakit, manatili sa bahay
- Kung maaari, bawasan pa ang pakikipag-ugnayan sa mga tao sa labas ng iyong sambahayan bago bumisita

Maaari lang payagan ng mga pasilidad ang pagbisita kung magagawa nila itong mapangasiwaan sa ligtas na paraan. Maaaring mag-alok ng isa o higit pang uri ng pagbisita ang iba't ibang pasilidad.

- Personal ang mga outdoor na pagbisita, pero ito ang pinakamapanganib
- Ang mga pagbisita sa mga bintana ng pasilidad ay maaaring isagawa nang nakabukas o nakasara ang mga bintana
- Ang mga pagbisita mula sa iyong sasakyan ay maaaring isagawa nang nasa labas o loob ng pasilidad ang residente, na posibleng nasa likod ng nakasarang bintana

Alamin ang dapat asahan sa panahon ng iyong pagbisita at pumunta nang nakahanda

- Dapat ipaiskedyul nang maaga ang mga pagbisita
  - Tanungin ang pasilidad sa dapat gawin upang mapanatili ang kaligtasan ng lahat
- Ang bawat bisita ay dapat magsuot ng mask sa lahat ng pagkakataon
- Dapat kang magpanatili ng mahigit 6 na talampakang distansya mula sa mga residente sa lahat ng pagkakataon

  - Dapat markahan ng mga pasilidad ang distansya o dapat itong maglagay ng pisikal na harang
  - Responsibilidad ng mga pasilidad na panatilihing ligtas ang lahat sa panahon ng mga pagbisita – makinig sa mga tauhan sa pasilidad kung hihilingin nila sa iyong umatras o lumayo sa panahon ng iyong pagbisita
- Hindi ka maaaring magbahagi ng mga bagay na tulad ng pagkain o regalo sa isang residente sa panahon ng pagbisita (kung pinapayagan ng pasilidad ang ilang partikular na regalo, ihahatid ng kanilang mga tauhan ang regalo pagkatapos itong i-sanitize)

- Panatilihing maikli ang mga pagbisita upang mabawasan ang panganib para sa lahat at upang mabigyang-daan ang iba pa na mabisita ang kanilang mga mahal sa buhay
- Maaaring mahirapang magkarinigan dahil sa mga mask at pisikal na pagdistansya, at maaari namang makadagdag sa pagkalat ng COVID-19 ang pagsasalita nang malakas – isaalang-alang na gumamit ng mga telepono sa pakikipag-usap sa mga residente sa panahon ng mga pagbisita

9/6/2020